***Frequently Asked Questions (FAQs) tungkol sa***

# TASK FORCE BALIK-LOOB

***Ano ang E-CLIP?***

Ang E-CLIP o Enhanced Comprehensive Local Integration Program ay isang programa ng pamahalaan na naglalayong tulungan ang ating mga kapatid na kasapi ng CPP-NPA-NDF at Militia ng Bayan na nais magbalik-loob sa pamahalaan at pamayanan, upang makapiling muli ang kanilang mga pamilya. Sa pamamagitan nito, sila ay mabibigyan ng mga iba't-ibang tulong, kaalaman, at kasanayan na kanilang magagamit sa pagbabagong buhay. Ang tulong na ito ng pamahalaan hindi lamang sa kanila kung pati na rin sa kanilang pamilya at komunidad.

***Para kanino ang E-CLIP?***

Ayon sa Administrative Order No. 10 na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong ika-3 ng Abril 2018, at sa Implementing Rules and Regulations ng nasabing kautusan, ang E-CLIP ay para sa mga nagbalik-loob simula noong ika-3 ng Abril 2018, kabilang ang mga sumusunod:

a. Regular na miyembro ng CPP-NPA-NDF;

b. Kanilang asawa, anak, at kinakasama legitimate or illegitimate, at kanilang mga magulang at kapatid;

c. Mga miyembro ng Militia ng Bayan

**Anu-ano ang matatanggap ng mga magbabalik-loob sa pamahalaan?**

Base sa kanilang indibidwal na pangangailangan, ang mga sumusunod ang maaring matatanggap ng mga magbabalik-loob sa pamahalaan*:

**Immediate Assistance** – Php 15,000.00

**Firearm Remuneration** – Ang halaga ay nakabatay sa kondisyon ng armas o mga armas na isusuko sa pamahalaan.

**Livelihood Assistance** – Php 50,000.00

**Serbisyo ng Gobyerno** – Pagpapatala sa *census*, pagkakaroon ng mga *government-issued IDs*, pagkuha ng *birth certificate*, at iba pa.

**Serbisyong Pangkalusugan** – Libreng serbisyong pangkalusugan mula sa mga ospital o pagamutan ng Kagawaran ng Kalusugan o Department of Health mula konsultasyon sa mga espesyalistang doktor, *diagnostic* at *laboratory procedures*, gamot, at iba pa.

**Pabahay** – ang mga dating miyembro ng CPP-NPA-NDF na kuwalipikado ay maaring mabigyan ng pabahay sa tulong ng National Housing Authority.

**Modified Conditional Cash Transfer** – Ang mga magbabalik-loob sa pamahalaan ay maaring pagkalooban buwanang tulong sa ilalim ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan o *Department of Social Welfare and Development* na kasalukuyang iniaakma kanilang mga pangangailangan.

**Tulong Pangkabuhayan o Tulong para magkatrabaho** – Ito ay tulong mula sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan na maaring gamit pangkabuhayan o pang-negosyo, o pagbibigay ng *referral* sa mga tanggapan ng gobyerno o pribadong ahensiya / kumpanya, at iba pang tulong sa mga dating rebelde na nais magkaroon ng permanenteng trabaho.

**Pautang at *Market* Access** – Sa tulong ng mga ahensiyang nagkakaloob ng pautang sa abot-kayang interes, maaaring makautang ang mga FRs nang hindi kailangan ng kolateral. Ang halagang inutang ay maaaring gawing puhunan para sa mga nagnanais palaguin ang kanilang kabuhayan, o karagdagang pantustos sa kanilang pangangailangan. Sila ay tutulungan rin ng ilang ahensya ng pamahalaan upang mailapit ang kanilang mga produkto sa mga mamimili.

**Tulong Panlegal** – Ang mga FRs na may kinakaharap na kaso ay tutulungan ng pamahalaan sa pamamagitan libreng serbisyo ng mga abogado nito mula sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice). Ang pagkakaroon ng kaso ay hindi hadlang upang matanggap nila ang mga benepisyong nakalaan para sa kanila at kanilang mga pamilya sa ilalim ng E-CLIP.

***Alternative Learning System*** – Para sa mga nagbalik-loob na nais mag-aral o ituloy ang kanilang naantalang pag-aaral, ang programang *Alternative Learning System* ng Kagawaran ng Edukasyon o *Department of Education* ang para sa kanila. Sa pamamagitan nito, sila ay mabibigyan ng katumbas na sertipikasyon ng pagtatapos sa edukasyong elementarya at sekondarya (*high school).*

**Tulong Sikososyal (*Psychosocial Assistance*)** – Isa sa pinakamahalaga at agarang tulong para sa mga nagbalik-loob sa pamahalaan ay ang karampatang tulong sikososyal (*psyschosocial assistance*) upang tulungan silang makalimot at makabangon sa kanilang masalimuot na karanasan nang sila ay kasapi pa ng CPP-NPA-NDF.

**Conditional Transitional Grant** – Ito ay karagdagang tulong sa mga nagbalik-loob sa pamahalaan na kanilang matatanggap isang taon matapos silang pormal na mapabilang sa E-CLIP. Ito ay ipagkakaloob sa kanila sa loob ng dalawang taon.

**Pangmatrikula at Panggastos sa Kolehiyo (*College Tuition and Stipend*)** – Ito ay tulong para sa isang anak o asawa ng mga dating rebelde upang sila ay makapagtapos sa kolehiyo. Sila rin ay bibigyan panggastos habang nag-aaral.

**Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) *Projects*** – Ang mga proyektong ito ng Office for the Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP) ay naglalayong magtayo ng mga pasilidad at imprastruktura sa mga pamayanan kung saan naninirahan ang mga nagbalik-loob sa pamahalaan. Sa proyektong ito, hindi lamang ang mga dating rebelde o kanilang pamilya ang makikinabang kundi pati na rin ang kanilang buong komunidad.

**Iba pang mga Tulong** – Sa inisyatibo ng mga pamahalaang lokal, maari ring magkaloob ng iba't-ibang uri ng tulong para sa mga nagbalik-loob sa pamahalaan, maliban pa sa benepisyong mula sa pambansang pamahalaan.

**Alinsunod sa Implementing Rules and Regulations, ang mga Militia ng Bayan ay maari lamang tumanggap ng Immediate Assistance, Reintegration Assistance, at Firearms Remuneration.*

***Kung ang mga dating miyembro ng CPP-NPA-NDF ay nagbalik-loob bago pa ang ika-3 ng Abril 2018, makatatanggap pa ba sila ng benepisyo?***

Ang mga nagbalik-loob simula noong ika-01 ng Hulyo 2016 ay maari pa ring makatanggap ng mga benepisyo sa ilalim ng E-CLIP ngunit hindi na nila matatanggap ulit ang mga benepisyong naibigay na sa kanila. Kung nakatanggap na sila ng *Immediate Assistance*, *Firearms Remuneration*, at *Livelihood Assistance*, hindi sila kwalipikadong tumanggap pa ulit ng mga ito.

***Kanino dapat lumapit ang isang miyembro ng CPP-NPA-NDF na gustong magbalik-loob sa pamahalaan?***

Sinumang nais magbalik-loob sa pamahalaan ay maaring lumapit sa mga *receiving unit* sa lokal na pamahalaan. Bukod sa mga yunit ng military at kapulisan, ang mga *receiving unit* ay maaring mga lokal na opisyal, Local Social Worker and Development Officer (LSWDO), kawani ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o Department of Interior and Local Government (DILG), miyembro ng mga *civil society organizations*, samahang panrelihiyon gaya ng pari, madre, *imam*, at pastor, layko, o mga indibidwal o organisasyong pinagkakatiwalaan ng sinumang nais magbalik-loob sa pamahalaan.

TASK FORCE BALIK-LOOB

TASK FORCE BALIK-LOOB

***Kanino dapat lumapit ang isang miyembro ng civil society organization, samahang panrelihiyon, o karaniwang mamayanan kung may kakilala o kinukupkop siyang nais magbalik-loob sa pamahalaan?***

Depende sa kagustuhan ng nais magbalik-loob kung kanino o saang *receiving unit* siya dapat dalhin ng kanyang nilapitang kakilala. Maaaring magtungo sila sa pinakamalapit na yunit ng militar o pulis, o kaya naman ay sa lokal na *social worker* o opisyal ng lokal na pamahalaan kung kanino mas panatag ang kalooban ng nais magbalik-loob. Matapos nito ay maililipat na sa *receiving unit* ang pangagalaga sa kanya.

***Paano malalaman kung ang isang nagbalik-loob ay tunay na miyembro ng CPP-NPA-NDF?***

Lahat ng mga nais magbalik-loob sa pamahalaan ay kailangang mabigyan ng *certification* mula sa Joint Armed Forces of the Philippines and Philippine National Police Intelligence Committee o JAPIC. Ito ang paraan ng AFP at PNP upang masuri at mapatunayan kung ang isang nagbalik-loob ay miyembro nga ng CPP-NPA-NDF o Militia ng Bayan. Ang JAPIC Certification ay ang pangunahing dokumentong kailangan ng isang indibidwal para mapabilang sa E-CLIP. Kung wala nito, hindi siya maaaring mailista at makatanggap ng iba't-ibang tulong mula sa programa.

***May matatanggap bang tulong ang mga receiving unit mula sa pamahalaan?***

Ang mga *receiving unit* ay makatatanggap ng **Reintegration Assistance** sa halagang Php21,000.00 kada indibidwal na nagbalik-loob sa pamahalaan. Ito ay bilang pantustos sa araw-araw na pangangailangan ng mga nais magbalik-loob katulad ng pagkain, damit, *toothbrush*, sabon, personal na kagamitan at iba pang gastusin.

Bukod sa halagang ito, maari ring magtalaga ng bantay na sundalo o pulis ang pinakamalapit na kampo o istasyon ng AFP-PNP para pangalagaan ang seguridad ng *receiving unit*.

**Hanggang kailan mananatili ang isang nais magbalik-loob sa pangangalaga ng isang *receiving unit*?**

Ang nais magbalik-loob ay maaring manatili sa pangangalaga ng isang *receving unit* hanggang siya ay tuluyang mailipat ng LSWDO sa pangangalaga ng isang *halfway house*.

**Ano ang *halfway house*?**

Ang *halfway house* ay isang pasilidad kung saan maaaring pansamantalang manuluyan ang mga nagbalik-loob sa pamahalaan habang pinoproseso ang kanilang pagpapatala sa E-CLIP. Dito isinasagawa ang iba't-ibang mga aktibidad na naglalayong tulungan sila sa kanilang pagpapanibago mula sa pagiging marahas na bandido tungo sa pagiging mapayapang mamayan. Dito rin huhubugin ang kanilang angking kaalaman, kasanayan, at oportunidad na mapaunlad ang kanilang buhay at komunidad na kabibilangan. Isinasagawa rito ang mga *seminar, orientation* at pagsasanay ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno ukol sa kabuhayan, edukasyon, at kasanayan para sa mga nagbalik-loob.

Ang DILG ay may nakalaang pondo para sa pagpapagawa ng mga *halfway houses* at ang mga pamahalaang lokal ang siyang pangunahing tagapangasiwa sa mga ito

**Hanggang kailan maaring mananatili sa half-way house ang isang nagbalik-loob sa pamahalaan?**

Maaring mananatili sa *half-way house* ang isang nagbalik-loob sa pamahalaan hanggang makumpleto niya ang programang para sa kanya at kapag ganap na siyang kabilang sa iba't-ibang programa ng E-CLIP.

**Ano ang mangyayari sa mga nagbalik-loob na sa pamahalaan, nagkamit ng benepisyo mula sa E-CLIP at nakauwi na mula sa halfway house? Sila ba ay babantayan pa ng pamahalaan?**

Ang mga nagbalik-loob na nakapagtapos na ng programa sa loob ng isang *halfway house* at nakatala na sa E-CLIP para sa iba't ibang benepisyo mula sa pamahalaan ay bibisitahin ng nakakasakop na LSWDO matapos ang anim na buwan mula sa kanilang paglantad. Sila rin ay regular na bibisitahin ng LSWDO kada anim na buwan sa loob ng tatlong taon.

**Dahil sa dami ng benepisyong ipinagkakaloob ng pamahalaan sa ilalim ng E-CLIP, hindi kaya lalong mahimok ang ating mga kababayang sumapi na lamang sa CPP-NPA-NDF at pagkatapos ay magbalik-loob sa pamahalaan?**

Isa lamang ang E-CLIP sa mga programa at inisyatibo ng kasalukuyang administrasyon upang tuluyan nang matuldukan ang presensiya ng armadong bandidong grupo ng CPP-NPA na limang dekada nang humahadlang sa tunay na kapayapaan at pag-unlad ng ating bansa.

Kabilang sa mga ito ay ang pagpigil sa pagdami ng mga bagong kaanib ng grupong komunista – terorista sa pamamagitan ng pagpapaalam sa mga mamamayan ng kanilang mga mapanlinlang at kriminal na gawain upang makaakit ng mga bagong miyembro.

Pinalalakas din ng pamahalaan ang presensiya at serbisyo nito sa iba't-ibang sektor ng lipunan, lalo na sa mga malalayong lugar na kadalasang nagiging biktima ng bandidong grupo.

Kasabay nito ay mas pinaigting pa ang opensiba ng militar at pulisya laban sa CPP-NPA-NDF. Ang mga kasapi ng CPP-NPA-NDF ay may pagpipilian - ang magbalik-loob sa pamahalaan at umuwi sa kanilang pamilya, o patuloy na makipaglaban, tiisin ang hirap sa kabundukan habang ang kanilang kurap na lider ay nagpapakasasa sa karangyaan sa ibang bansa, at harapin ang posibilidad na masawi sa marahas na paraan.

**Maari bang gamitin ng pamahalaan ang mga nagbalik-loob sa operasyon ng military o pulisya laban sa mga dati nilang kasama?**

Hindi gawain ng pamahalaan na gamitin nag mga dating rebelde laban sa kanilang mga dating kasamahan. Ang mga FR ay pinahahalagahan, itinuturing na may dignidad at iginagalang ang kanilang mga karapatan. Sa kanilang pagbabalik-loob sa pamahalaan, sila ay katuwang sa pagtataguyod ng kapayapaan at tunay na pagkakaisa tungo sa pag-unlad ng kanilang pamilya, pamayanan at bayan.

**Maari bang lumipat ng tirahan ang mga nagbalik-loob sa pamahalaan?**

Maaring lumipat ng tirahan ang mga nagbalik-loob sa pamahalaan nang dahil sa isyung panseguridad o anumang kadahilanan. Kailangan lamamg nilang makipag-ugnayan sa kanilang LSWDO upang ang kanilang mga benipisyo na natatanggap ay mailipat din sa lugar na kanilang paglilipatan.

***Para sa karagdagang impormasyon o mga katanungan, makipag-ugnayan sa***

TASK FORCE BALIK-LOOB


Department of National Defense

Segundo Avenue, Camp General Emilio Aguinaldo,

Quezon City 1100

(632) 9825600

Email: tfbalikloob@dnd.gov.ph

Twitter, Facebook, Facebook Messenger, at Instagram:

@balikloobph




TASK FORCE BALIK-LOOB